



Programa ng Pagsasalin ng Tagubilin

Ang **Transitional Program of Instruction (TPI)** o **ESL (English as a Second Language)** ay mandatoryong programa para sa mga may karapatang estudyante na nagsasalita ng mga wikang di laganap ang paggamit. Nagbibigay-suporta at tinutulungan ng programa ang mga estudyante na magtagumpay sa mga akademikong kurso at upang matuto ng Ingles. Ang programa ay ituturo sa Ingles gamit ang *Sheltered English Instruction*. Ang ilang halimbawa ng mga pangkat ng wikang kabilang sa programang ito ay: Mandarin, Vietnamese, Lao at Arabic.



80:20 Dalawahang Wika

Ang layunin ng programa ay ang maglinang ng kahusayan sa una at ikalawang wika ng mga estudyante, upang maging bilinggwal, bilateral at bikultural. Ang U-46 ay nag-aalok ng **One-Way** at **Two-Way Dual Language (DL)** na mga modelo ng programa. Ang **One-Way** at **Two-Way DL** progrna mga modelo ng programa ay nagtataglay ng parehong mga prinsipyo ngunit nagkakaiba sa pagkakabuo sa mga pangkat ng wka.

Sa U-46, ang **One-Way Dual Language** na programa ay binubuo ng isang pangkat lamang ng wika: Mga estudyanteng nagsasalita ng Espanyol na may karapatang makatanggap ng mga serbisyong ELL.

Sa U-46, ang **Two-Way Dual Language** na programa ay binubuo ng dalawang pangkat ng wika:

- Mga estudyanteng nagsasalita ng Espanyol na may karapatang makatanggap ng mga serbisyong ELL at mga tumanggap na ng serbisyong ito,
- Mga estudyante na ang katutubong-wika ay Ingles o mas marurunong mag-Ingles.

***Kasama sa mga kailangan sa pagtatapos o graduation ang mga klase sa Programang ELL.**

Saan ako makakahanap ng impormasyon tungkol sa **English Language Learners Programs [Mga Programa para sa Nag-aaral ng Wikang Ingles]?**

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring sumangguni sa **Polyeto ng U-46 Dual Language Program** available na makukuha sa **website ng ELL:**

www.u-46.org/ell

Family Welcome Center

355 East Chicago Street

Suite #231

Elgin, IL 60120

(847) 888-5000 ext. 6038

U-46 En Español

<http://www.u-46.org/spanish/>

School District U-46 ELL Parent Handbook is available in **ENGLISH, SPANISH, POLISH, TAGALOG** and **GUJARATI**

Distrito ng Paaralan U-46

Mga Programa Para sa Mga Nag-aaral ng Wikang Ingles



English Language Learners Educational Services Office
355 East Chicago Street
Elgin, IL 60120
847-888-5000 Ext. 5331

Revised August 2012

TAGALOG



Kung hindi mahusay mag-Ingles ang aking anak, ano ang mga serbisyong magagamit?

Mga Serbisyo para sa mga mag-aaral ng ELL

Family Welcome Center:

Ang mga Pangunahing Serbisyo ng Family Welcome Center ay:

- Matasa ang kahusayan ng bawat estudyante sa wikang Ingles, sa pamamagitan ng *Home Language Survey [Survey sa Wikang Ginagamit sa Tahanan]* bilang di pagkakaroon ng background sa Ingles batay sa sagot na "OO" sa kanilang tanong sa *Home Language Survey*.
- Matukoy ang karapatan ng estudyanteng makatanggap ng mga serbisyong ELL batay sa mga iskor na nakuha sa pagtatasa. Kung may karapatan ang estudyanteng makatanggap ng mga serbisyong ELL, itatakda ng Family Welcome Center ang angkop na rekomendasyon.
- Ipaalam sa mga bagong pamilya sa distrito ang kanilang mga programa sa pag-aaral para sa kani-kanilang mga anak.
- Magbigay ng impormasyon tungkol sa proseso ng pagpaparehistro.
- Ipaalam sa mga bagong pamilya sa

distrito ang mga mapagkukunan ng impormasyon sa Distro U-46 ng Paaralan at sa komunidad.



Paano ko malalaman kung kwalipikado ang aking anak sa mga serbisyo ng ELL?

Sa oras ng pagpaparehistro, kinukumpleto ng mga pamilya ang Form ng Impormasyon ng Mag-aaral at ang Sarbey sa Wikang Pantahanan. Kung "oo" ang isinagot ng mga magulang o ng legal na tagapangalaga sa isa sa dalawang tanong sa Sarbey sa Wikang Pantahanan, ibibigay sa mga mag-aaral ang screener instrument. Ang layunin ng screener instrument ay tukuyin ang kahusayan sa wikang Ingles ng mag-aaral at makilala ang pagiging karapat-dapat ng mag-aaral upang makatanggap ng mga serbisyo ng ELL.

Ginagamit ng School District U-46 ang na mga screener instrument na *Pre-IPT, WIDA MODEL™* and *ACCESS W-APT™* na itinakda ng Illinois State Board of Education bilang batayan nito para sa pagtukoy sa pagiging karapat-dapat ng mag-aaral. Ang mga estudyante na nakakaha ng grado na mas mababa sa ISBE depinasyon sa kahusayan sa Ingles ay pwedeng makatanggap ng serbisyong ELL.

Ginagawa ang rekomendasyong patungkol sa naaangkop na pagkakalagay at mga serbisyo batay sa mga resulta ng screener instrument na ito.

Ibinibigay ang isang sulat ng abiso sa magulang na nagpapaliwanag ng rekomendasyon at mga serbisyo, pati na rin ng paglalarawan sa programa. Maaaring tanggapin o tanggihan ng mga magulang ang mga rekomendasyon sa pagpasok sa ELL. Kung hindi karapat-dapat ang mag-aaral para sa mga serbisyo ng ELL alinsunod sa pamantayan ng pagpasok na ginagamit ng School District U-46, may karapatang umapela ang mga magulang sa pasyang ito sa:

Kane County Regional Office of Education
210 South 6th Street,
Geneva, Illinois 60134
Phone number (630) 232-5955



Ang programang Transitional Bilingual Education (TBE) ay para sa mga mag-aaral ng ELL ng parehong madalas gamiting wika. Nagbibigay ang programa ng tagubilin sa sariling wika ng mag-aaral na may pagsasalin sa Ingles.